11

Kaka-open pa lang ng computer ko, nagulat na ako kasi may yumakap sa akin mula sa likuran.

"Thank you!" sabi ni Mere at pinaghahalikan ako sa pisngi.

"Para saan?" nagtataka kong tanong.

Ano na naman ang ginawa ko?

Bumungisngis siya. "Sa flowers! Hindi ko alam na binilhan mo rin ako kahapon."

Ah, 'yun! Akala ko kung ano na. Hinawakan ko ang mga braso niyang nakapulupot pa rin sa leeg ko. "Siyempre! P'wede ba namang wala kang flowers?"

Hinalikan niya ako ulit bago ikiniskis ang ilong niya sa pisngi ko na parang mommy na nanggigigil sa baby niya.

"Thank you ulit," sabi niya, pinipisil ako.

"You're welcome."

Matapos ang isa pang halik sa tuktok ng ulo ko, tumuwid na si Mere at tumalikod para bumalik sa opisina niya.

"Sandali," habol ko. Nilingon niya ako.

May lakas ba ako ng loob sabihin sa kanya ngayon na gusto ko ng prenup? Ano naman ang akala mo sa akin? Siyempre wala!

Inabot ko ang kamay niya. "P'wede ba akong mag-extended lunch mamaya kung okay lang si Atty. Peralta? Gusto ko na kasi siyang puntahan para maayos ko na 'yung mga dapat ayusin para mas mapabilis ang pagyaman ko," sabi ko sa kanya, nangingiti. "Sa Ayala lang naman ang office niya kaya lang hindi ko alam kung gaano katagal d'un."

Saka pupuslit ako para makipagkita sa tatay mo.

"Sure!" sabi ni Ma'am Meredith na hinahaplos pa ang buhok ko. "Kakain ka na ba sa labas?"

"Eh, gusto ko sana kasabay kita kaya dito na lang pagkatapos."

"All right. Magpapa-deliver na lang ako para di mo na kailangang dumaan sa kung saan, para mas mapabilis ang pagbalik mo."

"Sige. Check ko muna si Attorney kasi baka di rin naman siya p'wede. I-IM na lang kita."

"All right."

Pinisil ko ang kamay niya at hinintay siyang makabalik sa opisina niya. Nang marinig kong sumara ang pinto, saka ko iniangat ang receiver ng *Avaya* ko. Sandali lang akong naghintay at may sumagot na sa kabilang linya—ang assistant ni Dad.

"Mr. Balajadia's office."

"Ate Helga! Si Ash po."

"O, Ash! Hello! Thank you pala sa flowers! Nag-abala pa kayo ni Ma'am Meredith."

"You're welcome. Kung wala po kayo, baka nag-shutdown ang opisina namin ni Mere. 'Yung receptionist at 'yung guard sana namin ang nagpatakbo bigla ng negosyo."

"Aba, baka magulat kayo at kaya ng guard at receptionist ninyo 'yun!" natawang sagot niya.

"Aba, malay nga natin!" sabi ko. "Ate Helga, may bakante po bang oras si Tito Eman ngayon?"

Tito muna. Alangan yata kung tatawagin ko siyang Daddy. Baka kasi di pa naibabalita sa secretary niya, ibubuking ko agad na engaged na kami ni Mere.

"Bakante? Bakit?"

"Eh, gusto ko po sana kasi siyang puntahan para makausap."

Tumawa siya. "Sus! Kahit anong oras naman p'wede kang magpunta rito para kausapin si Sir, itong batang ito!"

"Talaga po?" Hindi ko kasi alam kung ganoon nga. O si Craig lang ba talaga ang dapat magpa-appointment muna para makipagkita kay Mere?

"Oo, ito naman. Pamilya ka na, eh. Teka, sandali. Nandito na si Sir."

Bago ko pa maisip kung ano ang gagawin ni Ate Helga, narinig ko na ang boses ni Dad sa kabilang linya.

Sandali lang po at hindi pa ako handa!

"Hello, Ash?"

"Sir! Dad!" pagtatama ko.

"Nag-lunch lang ako kaya wala ako sa office kanina. Ba't dito ka kay Helga tumawag? Sana sa cell phone ko na

lang."

Napakamot ako ng batok. "Nahiya ako, Dad."

"Sus, meron ka ba n'un?" *Ikaw, Dad, ha! Kung hindi lang kita boss…* "Teka, i-transfer ko itong tawag mo sa opisina. Paano ba ito?" Narinig kong kausap niya si Ate Helga bago ako binalikan. "Sandali lang. Pupunta ako sa office."

"Okay po."

Saglit akong nakinig sa hold music bago ko muling narinig ang boses ni Daddy.

"Hello?"

"Dad."

"'Ayan. Ba't napatawag ka?"

Huminga ako nang malalim. "May gusto po sana kasi akong itanong sa inyo kaya lang gusto ko pong kaharap kayo kapag sinabi ko."

"Mukhang seryoso 'yan, ah. Tungkol ba saan?"

"Gusto ko po sanang magtanong tungkol sa prenup, kung magpapa-draft po ako sa abogado."

Natahimik si Dad.

"Dad?"

Siya naman ang bumuga ng hangin. "Sa tingin ko, hijo, mas madaling mag-draft ng kontrata kaysa sabihin kay Meredith na gusto mo ng prenup."

Napangiwi ako. "Komplikado po kasi. Kaya nga po gusto ko muna kayong makausap."

"Sige. May meeting ako mamaya pero kung pupunta ka na, p'wede namang si Helga ang padaluhin ko d'un."

"Okay lang po ba 'yun, Dad?"

"Oo. Mas may alam pa siya tungkol sa project na 'yun kaysa sa 'kin. 'Tsaka mas mahalaga 'yang pag-uusapan natin."

Mas lalo akong kinabahan sa seryosong tono ng future biyanan ko. "Sige po. Aalis na po ako. Mga thirty minutes po, nand'yan na ako."

"Sige. Hihintayin kita."

Pagkababa ng phone, tumawag din ako kay Atty. Peralta. Libre raw siya ng 2 PM kung gusto ko nang dumaan. Sandali lang naman daw iyon. May mga pipirmahan lang daw ako.

Nagpaalam ako kay Meredith na nasa kalagitnaan na ng meeting niya. Ni-mute lang niya ang phone niya para halikan ako bago nagpatuloy sa pagsasalita.

I found it really sexy kapag boss mode siya. But then again, lagi naman siyang sexy sa 'kin.

Umuwi muna ako sa bahay para kunin ang kotse ko kasi naglakad na naman kami ni Mere papasok kanina. Less than thirty minutes later, paakyat na ako sa elevator papunta sa executive suites ng Ayala office ng *Balajadia Industries*.

Pagdating doon, naabutan kong nasa mesa ni Ate Helga si Daddy, malaki ang ngisi habang sinisipat ang fruit bouquet na buhat-buhat niya. Hindi niya ako kaagad napansin habang pinagmamalaki iyong mga prutas sa delivery boy.

"Galing sa manugang ko," sabi ni Daddy sa delivery boy na tauhan ng pinsan ko.

Napangisi ako. Gusto ko sana siyang biruin kasi pinatagal pa niya bago niya ako pinayagang tawagin siyang Dad, samantalang ngayon ay manugang na pala ako.

Itong si Dad, ha. Mahal na mahal talaga niya ako.

"Alam niyang mahilig ako sa ganito. Mabait na bata talaga 'yun."

Namula ako at di ko napigilan ang mapangiti.

"Ay, si Kuya Ash po? Opo, mabait 'yun," sabi naman ni Nestor.

"Kilala mo siya?"

"Opo. Pinsan po niya 'yung may-ari ng shop na nagbebenta ng mga ganito."

Noon niya ako napansin at mas lumaki ang ngiti ni Daddy nang makita ako. "O, nand'yan ka na pala! Sabay lang kayo halos dumating nitong regalo mo."

"Pansin ko nga po." Lumapit ako at nakipagkumustahan kay Nestor bago siya umalis.

Pinapasok ako ni Daddy sa opisina niya.

Halos pareho lang ang disenyo ng opisina ni Dad sa opisina ni Mere. Di hamak na mas malaki lang ang opisina ni Daddy na may view ng mga katapat na building at ng Ayala sa ibaba mula sa floor-to-ceiling windows.

"Upo ka na muna," sabi niya habang ibinababa ang fruit bouquet sa coffee table sa tapat ng sofa niya. Hindi ko alam kung ako o iyong mga prutas ang sinasabihan niyang

maupo muna pero naupo na rin ako. "Kukuha lang ako ng mga pinggan nang masimulan na 'tong kainin. Kailangan ko ng vitamins and minerals sa gusto mong pag-usapan."

Pumasok siya sa isang pintuan. Malamang ay personal pantry niya iyon dahil paglabas niya ay may dala na siyang mga pinggan at kubyertos. Inabot niya sa akin ang isang set bago naupo sa sofa.

"So, prenup," sabi niya nang makakagat sa isang slice ng pinya na korteng bituin. "I take it hindi pa alam ni Mere ang tungkol dito?"

Kumain ako ng melon kahit pa medyo hindi maganda ang timpla ng tiyan ko dahil sa kaba. "Hindi pa, Dad. Naisip ko lang kasi, sinabi ni Meredith kanina na kailangan daw naming i-announce ang engagement namin."

Huminga ako nang malalim at ikinuwento sa kanya ang mga inaalala ko kapag kumalat nang ako ang pakakasalan ni Mere. Binanggit ko kung gaano ako ka-notorious online at baka nga ma-cyber bully si Meredith. Sana hindi pero mabuti na iyong alam ni Dad ang tungkol doon at handa kami.

Hindi ko alam kung nakikinig si Daddy kasi hindi naman siya nakatingin sa akin. Parang sa loob ng sampung minutong nagsasalita ako, dini-dismantle lang niya iyong fruit bouquet. Malamang hindi na matitikman ni Mommy ito. Nalimutan kong *Fruit Ninja* nga pala ang asawa niya.

"Alam mo ba kung ano ang nangyari sa 'kin n'ung ako ang nag-suggest sa Mommy mo na pumirma kami ng

prenup?"

I kinda dreaded his answer. "Ano po?"

Nilingon ako ni Daddy na ngumunguya na ng strawberry. "Ini-straight niya ako sa panga."

Napapikit ako.

"Di ako nagbibiro!" sabi niya. "Sabi ko lang 'Marianne, we're going to need to sign a prenup.' Tiningnan lang niya ako saka ako sinuntok!" kuwento niya na nakahawak pa sa panga niya kung saan siya na-i-straight ni Mommy. "Di ko makakalimutan 'yun! Nakakita talaga ako ng stars!"

"Ano po'ng ginawa n'yo?"

"Eh, di hinalikan ko!"

Kung kumakain ako, lumabas na sa ilong ko 'yung prutas.

"Iiwan niya ako, eh!" defensive niyang paliwanag. "Eh, di hindi ko na siya binigyan ng choice."

"Napatawad naman po kayo?"

Nagkibit-balikat siya. "Eventually. Look, hijo, kilala ko si Meredith. Wala 'yung pakialam kung ano ang sasabihin ng mga tao tungkol sa kanya. Kailangan mong ipaintindi sa kanya na kaya mo 'yan gagawin ay dahil gusto mo siyang protektahan. Romantic ang bunso ko. Ang una niyang iisipin ay hindi pa kayo kasal, gusto mo na ng assurance na protektado ka sakaling maghiwalay kayo."

"Pero hindi naman po 'yun ang dahilan ko, Dad."

"Alam ko 'yun, 'nak."

Napatingin ako sa kanya kasi siya ang kauna-unahang

nilalang sa balat ng lupang tumawag sa akin ng ganoon. Kahit sarili kong mga magulang hindi pa ako natawag ng *anak*. Parang gusto ko bigla ng hug. Nagpatuloy lang siya sa pagsasalita, walang idea na may sinabi siya sa aking isang salita that meant the world to me.

"Pero kailangang 'yun ang una mong sabihin bago mo i-suggest sa kanya na pumirma kayo ng prenup. Dahil talagang mapapagbuhatan ka ng kamay ni Meredith, sinasabi ko sa 'yo."

Or malalapirot ang nipple ko, pero huwag na nating sabihin nang malakas iyon sa tatay niya, kahit malamang ay iyon ang mangyayari.

Bumuntong-hininga ako at napahilamos ng mukha. "Kailangan ko lang talaga kasi, Dad. Para sa peace of mind ko."

Tinapik niya ako sa balikat. "Make her understand."

Pinagmasdan ko siya. "Dad, can I ask you a question?"

"Sure."

"Ikaw ba hindi mo naisip na peperahan ko lang si Meredith?" nag-aalala kong tanong. It was a valid concern. Sa yaman kasi nila, sino lang ba sa Pilipinas ang equal sa mga Balajadia? Si Henry Sy lang yata.

Pinag-aralan niya ako, ngumunguya pa rin ng strawberry. *Di kaya masiraan ng tiyan 'to?*

Mayamaya, umiling siya. "Hindi."

"Kahit isang beses?" pangungulit ko.

Umiling siya ulit. "Magaling akong bumasa ng tao.

Hindi ko naramdaman na mukha kang pera."

Baka ngayon na lang, Dad. Kasi alam ko na ang halaga ng perang ako ang nagpawis para makuha.

"Hindi talaga," giit niya. "Simple ka lang kasi. Hindi ka mayabang." *Di mo lang alam, Dad.* "Kung mamahalin man ang damit mo at magara ang kotse mo, alam kong hindi mo isinusuot o ipinaparada iyon dahil gusto mong magpa-impress kundi dahil d'un ka komportable. Tingin ko hindi mo priority ang pera."

"So n'ung una n'yo 'kong nakita, tanggap na n'yo ako kaagad para kay Meredith?" tahimik kong tanong, touched na touched na naman.

"Hindi."

Alangya.

"Kayo naman!" bulalas ko. "Pagkatapos ko kayong bigyan ng fruit bouquet, ni hindi n'yo man lang ako binola!"

Tumawa siya, bago sumubo ulit ng pinya. "Eh, sa totoo naman! Intindihin mo na at first boyfriend ka ni Meredith ko. Hindi ako sanay na may lalaking binigyan ng anak ko ng karapatang sumunod-sunod sa kanya. Matagal din naming pinag-usapan 'yan ng mommy mo bago ako nasanay.

"Pero alam mo kung ano ang una kong naisip n'ung unang beses na makita ko kayong magkasama ni Mere?" Tiningnan niya ako. "Naisip ko: *itong hayop na 'to pa yata ang kukuha sa baby girl ko sa 'kin*."

Malakas akong natawa at ngumisi siya sa akin.

"O, eh tama naman ako! Kanino na umuuwi ang baby

girl ko ngayon? Di ba sa 'yo? Sana talaga ibinili ko na lang kayo ng tig-isang kama, eh."

"Inaalagaan ko naman po siya," sabi ko.

"Alam ko. Ba't sa tingin mo buhay ka pa ngayon?"

Exaggerated akong napalunok.

"Matanong ko lang. Anu-ano bang mga provisions ang gusto mong kasama sa prenup ninyo?"

Sinabi ko ang mga gusto ko. Seryoso ako sa mga pinagsasasabi ko, pero ewan ko kung bakit unti-unting nanlaki ang mga mata niya hanggang sa tawa na siya nang tawa.

"Sinasabi ko lang sa 'yo, 'nak," sabi niya sa akin na halos magpunas na ng luha sa katatawa. Parang galak na galak talaga, eh. "'Ipaintindi mo kaagad kay Meredith ang mga bagay na 'yan kasi kapag naunahan ka niyang maisip na the usual terms ng isang prenup ang gusto mo, baka masaktan ka talaga niya.

"Kung ako naman, bilang daddy mo, sasabihin kong hindi na kailangan kasi may tiwala ako sa 'yo at sa pagmamahal mo para sa anak ko kahit pa hindi ko pa naririnig 'yang mga gusto mong provisions." Tumawa siya ulit. "'Yung businessman side ko kasi, sang-ayon na magpirmahan kayo ng kontrata bago kayo ikasal. Iba na kasi ang panahon talaga ngayon. Although kung hiwalayan mo si Mere, baka ako ang unang humabol sa 'yo ng palakol. Kahit pa binibigyan mo ako ng fruit bouquet."

Napangiti ako.

"Basta ipaintindi mo sa kanya na gusto mo ng prenup para sa proteksyon niya at hindi para paghandaan ang posibilidad ng paghihiwalay ninyo. At kung ako sa 'yo, hawakan mo na kaagad sa mga kamay niya bago ka pa masuntok."

Tumango ako. "Salamat sa advice, Dad."

Tinapik niya ako sa balikat bago itinuro ang fruit bouquet na parang dinaanan ng isang grupo ng gutom na mga pit bull. "Gusto mo pa ng prutas? Ilalagay ko na sa refrigerator 'tong natira."

Tiningnan ko iyong container. I-re-ref pa niya, eh, parang isang slice ng melon at dalawang grapes na lang ang natira? "Hindi na, Dad. Okay na ako."

Pagkagaling sa opisina ni Daddy, dumerecho ako kay Atty. Peralta. Tama siya, sandali nga lang ako. After less than ten minutes, mayaman na ako.

In-open ko na rin na gusto kong magpa-draft ng prenuptial agreement sa kanya. Nang sabihin ko sa kanya ang mga gusto ko, parang nagulat din si Attorney.

Bakit ba? Ano ba ang masama sa mga gusto kong terms?

"It's a little unconventional," sabi niya sa akin nang di ko na natiis at nagtanong na ako. "Usually, may prenup dahil gusto ng dalawang parties na protektahan ang sarili nila kung sakaling maghiwalay sila."

Nagkibit-balikat ako. "Wala naman akong balak

makipaghiwalay, Attorney. Gusto ko lang protektahan si Meredith."

"Sigurado kang prenup ang gusto mo at hindi adoption papers?"

Kumurap lang ako sa kanya. Pati abogado ko, komedyante.

"All right," sabi niya, nakangisi. "I'll have a draft ready for you by Monday."

"Salamat po."

Pagkatapos niyon, nag-drive ako pabalik sa opisina namin. Sa dami ng laman ng isip ko, daig pa niyon ang tiyan ni Daddy sa ngayon kahit pa kumain siya ng halos isang factory ng fruit cocktail.

Pero hindi iyon dahil tunay na rich kid na ako, ha. Ganoon pa rin naman kasi ang pakiramdam ko. Walang ipinagbago mula kaninang magkano lang ang laman ng bank account ko, sa ngayong may halos three hundred million pesos na ako sa pangalan ko.

Siguro rin talagang matanda na ako kasi kung noon ko nakuha ang pera ko, nakaisip na ako ng isang libo't isang paraan kung paano wawaldasin iyon. Ngayon, ang una kong naisip ay magta-transfer ako ng pera kay Kuya Lex at doon sa account namin ni Meredith na pambayad ng bills.

Pag-akyat sa opisina, mukhang inilibre ni Mere sina Abby at iyong mga guards na naka-duty dahil may pizza sila sa reception.

Pumasok ako ng office at nakitang bukas ang pinto ng

opisina ni Meredith. Nagta-type siya at nakatingin sa screen niya, pero nag-angat siya ng tingin nang mamalayang nasa pintuan ako ng opisina niya. Her face lit up and she smiled widely. Sa tanang buhay ko, si Meredith pa lang ang naging ganito kasaya sa tuwing makikita ako.

"Hi!" bati niya. "Just in time! Kakadating lang ng pizza." Itinuro niya iyong coffee table kung saan naroon ang pizza box at ilang paper bags ng takeout na pagkain. "Sandali na lang ako. Send ko lang itong email. How did it go?"

Lumapit ako sa kanya at hinalikan siya sa tuktok ng ulo. "Okay lang. Productive. Anong klaseng pizza ang in-order mo?"

"Super Supreme na stuffed crust. Nag-order din ako ng appetizer 'tsaka chicken wings."

"Magpapakain ba tayo ng refugees?" tanong ko nang makita ang dami ng pagkaing in-order ni Meredith.

She made a face at me and went on typing.

Tahimik kong inihanda ang pagkain sa coffee table. Naalala ko iyong unang beses na kumain kami roon. Dinalhan ko siya ng pagkain kasi mag-i-stay siya sa opisina noon. I'd like to think na iyon ang araw na naging magkaibigan kami. 'Tsaka special iyon kasi doon galing iyong unang paper bag sa koleksyon ni Mere ng paper bag.

Pinag-aralan ko siya habang nagta-type siya. Ang ganda-ganda lang talaga niya kahit saang anggulo mo tingnan. Ang suwerte-suwerte ko lang talaga na mahal niya rin ako.

Kaya kailangang maipaliwanag ko nang maayos sa kanya kung bakit ko gustong pumirma kami ng prenuptial agreement. Hindi puwedeng biglain ko na lang siya—

"What?" mahinang tanong ni Meredith habang nakatingin sa akin na halos matirintas ang mga kilay.

"Ha?" nagtataka kong tanong. May sinabi ba ako?

Mabagal siyang sumandal sa silya niya at humalukipkip habang nakatingin pa rin sa akin. Parang lumamig yata ng twenty degrees sa opisina niya at para ring humigpit bigla iyong kurbata ko.

"What do you mean na gusto mong pumirma tayo ng prenuptial agreement?"

Ni hindi ko alam na nasabi ko pala iyon nang malakas! *Patay kang bata ka.*

12

"Kaya ka ba nagpunta kay Atty. Peralta? Para magpagawa ng prenup?" tanong ng labs of my life.

"Hindi!" mabilis kong deny. Gaya ng di ko namalayang nasabi ko pala nang malakas ang plano ko, di ko rin namalayang nagkrus na pala ang mga braso ko sa dibdib ko para protektahan ang nipples ko kahit pa malayo naman si Meredith sa akin. "Talagang trust fund ko ang pinag-usapan namin!"

Naningkit siya. "You're lying. Why are you lying?"

"I'm not lying!" natatawa kong sabi. Alam mo iyong kapag nasa gitna ka ng isang mapanganib na sitwasyon pero natatawa ka pa? Ganoon ako ngayon. Iyon din ang dahilan kung bakit mapapadali ang buhay ko. "Nagpunta ako kay Atty. Peralta para ayusin talaga ang trust fund ko, pero, sige, I'll admit na hindi lang ako sa kanya nagpunta."

Meredith's eyes heated.

Nagtaas ako ng mga kamay. "Sa daddy mo! Nagpunta ako sa daddy mo para i-propose sa kanya 'yang prenup."

"My dad knows you want a prenuptial agreement?" sigaw niya bago itinulak ang—upuan—palayo sa mesa niya at tumayo.

Inakupow!

"Baby girl."

"Huwag mo nga akong ma-baby girl, baby girl! Galit ako sa 'yo!"

Agad ko siyang hinabol bago pa siya makalapit sa pinto. Isinara ko iyon saka siya mabilis na hinarap.

"Makinig ka muna sa 'kin," sabi ko na lumalapit sa kanya para hawakan ang magkabila niyang braso. Bahala na ang nipples.

Pinalis niya ang mga kamay ko. "Fine. Fine! Magpaliwanag ka! Ano'ng posibleng dahilan kaya mo gusto ng prenup bukod sa naiisip mong darating ang oras na maghihiwalay tayo?"

"Beb—"

"Gandahan mo ang paliwanag mo, Montesines!" galit niyang banta habang nasa baywang ang isang kamay at nakaturo sa akin ang hintuturo ng kabila.

"Eh, kasi—"

"At huwag mong sabihing dahil mas mayaman ako sa 'yo dahil, naku!" Tinusok niya ang ilong ko at itinulak iyon para siguro malayo kahit kaunti sa harapan niya ang pagmumukha ko.

Ewan ko ba kung bakit imbes na matakot, eh, parang gusto ko pang mangiti. Ang cute kasi niya kahit alam kong galit na galit na siya. O ako lang ba iyon?

Kinuha ko ang mga kamay niya at mahigpit silang hinawakan (malayo sa dibdib ko). "Eh, kasi nga—"

"Masasaktan ka talaga sa 'kin, Montesines!"

Ngayon, tumawa na ako. "Paano ako magpapaliwanag, eh, ayaw mo akong patapusin?"

Hinila niya ang mga kamay niyang hindi ko binitiwan. "Tatawa-tawa ka pa! Bitiwan mo nga ako!"

Pumalatak ako at ginamit na ang tactics ni Daddy. Hinablot ko na siya sa batok at hinalikan. Kinabahan akong saglit nang maramdaman ko sa dibdib ko ang palad niya pero nagkuyom lang iyon sa kurbata ko para hawakan ako. Binitiwan ko na rin ang isa niyang kamay para mayakap ko na siya sa baywang. Bumalot ang braso niya sa batok ko.

Ako iyong nagbalak na i-distract siya pero ako iyong nakalimot kung bakit ko siya hinalikan. Basta ang alam ko lang, hinahalikan ko siya. At hinahalikan din niya ako.

Nang matauhan ako, nag-angat ako ng mukha at idinikit ang noo ko sa noo niya. Pero hindi katulad kong na-overwhelm sa halik, nakalabi siya at mukhang gustong umiyak. Niyakap ko siya.

"Baby girl," bulong ko habang nakadikit ang mukha sa buhok niya. "I'm sorry."

Umiling siya at muling nagtangkang lumayo sa akin. "No."

"Baby girl, listen—"

"No, Ash."

"Listen," giit ko, bahagyang lumayo sa kanya pero hindi siya pinapakawalan. Ang tindi na ng simangot niya. "Hindi ko 'to gagawin kung para sa 'kin. Gagawin ko 'to para sa 'yo."

Umiling na naman siya. Hinila ko siya sa sofa at pinaupo sa kandungan ko. Itinulak niya ako, pero kumapit ako sa kanya—kung paanong kakapit ako sa kanya doon sa prenup na ipina-draft ko kay Atty. Peralta sakaling pirmahan ni Meredith iyon.

Halos pilitin kong humilig siya sa akin kasi tensyonado talaga siya. Hinaplos-haplos ko ang likod niya at hinalik-halikan siya sa sentido hanggang sa mag-relax siya. Nang nakasiksik na ang ulo niya sa ilalim ng baba ko, saka ako nagsalita.

"Kapag lumabas na ang balitang engaged na tayo, may mga taong magtataas ng kilay kung bakit pumayag kang magpaloko sa 'kin."

Hinawakan ko ang kamay niyang nagkuyom. Baka kasi ma-straight din ako sa panga. Hinila ko iyon at ipinatong sa dibdib ko saka ko hinawakan para nakadantay lang iyon doon sa ibabaw ng puso ko.

"Alam kong wala kang pakialam sa anumang sasabihin ng iba. Ako rin naman, wala akong pakialam… kung tungkol lang sa 'kin ang sasabihin nila. Pero kung maaapektuhan ka o ang mga magulang mo ng mga sasabihin nilang iyon, ibang usapan na 'yun. I want you to be protected."

Hindi pa rin siya nagsalita pero at least di niya ibinaon ang mga kuko niya sa dibdib ko.

"Sinabi rin ni Daddy na hindi mo magugustuhan na i-open ko ang prenup kasi parang hindi pa nga tayo nagpaplano ng kasal, pinaghahandaan ko na ang

paghihiwalay natin. Para sa 'yo, praktikal ang pumirma ng prenup. Hindi natin made-deny na mas mayaman ka sa 'kin. You have more to lose. Shh," sabi ko nang huminga siya nang malalim para tumutol.

"Ako muna. Totoo 'yun. Hindi natin kailangang magpanggap. Alam mo at alam ko, at alam ng parents mo, na wala akong pakialam sa pera. Pera ko nga di ko pinapakialaman, pera pa kaya ng iba? Pero hindi gan'un ang ibang tao. May mga taong hindi maniniwalang hindi 'yun ang habol ko sa 'yo."

Simulan na natin sa ate ko.

"Kaya gusto ko ng pruebang p'wede kong panghawakan, patunay na hindi ka nagpapaloko sa 'kin, na sakaling magbago ang isip mo at makipaghiwalay ka sa 'kin, wala kang ibibigay sa 'kin na kahit na ano." Humigpit ang yakap ko sa kanya. "Think about it. Look at it from my side para maintindihan mo. Hindi ako naghahanda para sa panahong maghihiwalay tayo. Ni hindi ko kayang isipin 'yun, paghahandaan ko pa? Gusto ko lang na protektado ka."

Matagal siyang tahimik pero nanatiling nakahilig sa akin. At hindi pa naman ako nasasaktan so baka pinag-iisipan niya ang tungkol sa sinabi ko.

Tumikhim siya. "Ano'ng mga kondisyon sa prenup mo?"

Huminga ako nang malalim. "Una, sakaling maghiwalay tayo, wala akong makukuha sa 'yo kahit na ano at kahit na

magkano, pero makukuha mo ang perang kikitain ko mula sa araw na ikasal tayo hanggang sa araw na ma-finalize ang paghihiwalay natin."

Kahit hindi totoo, namilipit ang sikmura ko sa kaisipang maghihiwalay nga kami. Doon siya nag-angat ng mukha, kunot pa rin ang noo pero nakikita kong hindi na dahil sa gusto ko ng prenup pero dahil napakadaya ng prenup na gusto ko.

"What?" tanong niya, naguguluhan.

"Papayag ka ring manligaw ako sa 'yo ulit nang isang taon bago tayo mag-file ng annulment. Subukan natin ang marriage counseling kung kailangan—basta ang gusto ko, may pagkakataon akong maisalba ang kasal natin.

"At that time, magkasama pa rin tayo sa bahay. Kung sa loob ng isang taon talagang ayaw mo na sa 'kin, saka lang tayo maghihiwalay. Kung may anak na tayo noon, papayag kang kahit magkahiwalay tayo, titira pa rin akong malapit sa inyo kasi gusto kong bahagi pa rin ako ng buhay ninyo ng mga babies ko hanggang sa humiwalay sa 'yo ang lahat ng mga anak natin."

"Paano kung may anak tayong sixty years old na nakatira pa rin sa 'kin?" tanong niya.

"Di sa loob ng sixty years ng buhay niya, kapit-bahay ninyo ako," sabi ko na may maliit at nanunukat na ngiti. "Isa pa, kung nakaalis na lahat ng mga anak natin sa poder mo, papayag ka ring lumipat ako ulit sa bahay mo para hindi ka mag-isa."

Nagpakawala siya ng tawa na parang di siya makapaniwala sa mga pinagsasasabi ko.

"Paano kung ma-in love ako sa iba? Paano kung gusto kong mag-asawa ulit pagkatapos mo?"

Nagkibit-balikat ako. "Eh, di mag-asawa ka ulit. Basta kapit-bahay n'yo ako. Tingnan lang natin kung may makapanligaw sa 'yong iba kapag kapit-bahay mo ako."

Mabagal siyang umiling. "Paano kung ikaw ang makipaghiwalay sa 'kin?"

"Hindi ko alam. Wala pa. Sabi ni Dad tanungin daw kita kung ano ang gusto mo. Naisip ko n'ung papunta ako kay Atty. Peralta, na sakaling makipaghiwalay ako, ibibigay ko sa 'yo lahat ng pera at properties ko mula nang maging tayo para mapatunayan kong wala talaga akong balak makipaghiwalay sa 'yo."

Mas umiling si Meredith. "Kung gan'un, iisipin ko namang kaya ka lang nagtitiis sa 'kin kasi makukuha ko lahat ng pera mo kung hindi. You see that? Kaya ayoko ng prenup para sa 'ting dalawa. Kapag meron kasi n'un, parang may ibang dahilan kung bakit natin ginagawa ang mga bagay sa relasyon natin. For example, hindi mo ako hihiwalayan kahit gusto mo na dahil mamumulubi ka at hindi dahil mahal mo ako."

"It's not like that, Mere."

"Alam kong hindi. Dahil kilala kita at may tiwala ako sa 'yo. Naniniwala akong hindi mo ako iiwan. Mahal mo ako, eh. But that's how it will look like, Ash. At ayoko ng

gan'un. Hindi nga masasabi ng ibang tao na pineperahan mo lang ako pero ako naman, maiisip kong wala ka ngang makukuha sa 'kin pero lahat mawawala sa 'yo kapag nakipaghiwalay ka sa 'kin."

Bumuntong-hininga ako at humigpit ang yakap ko sa kanya. Nakikita ko kasing talagang ayaw niya ng prenup at naiintindihan ko rin kung bakit. Kung ayaw niya, hindi ko siya pipilitin. Bahala na kung ano ang mangyari. Mas mahalaga ang feelings ni Meredith para sa akin kaysa sa kung anumang sasabihin ng ibang tao.

"'Yung mga gusto mo?" patuloy niya. "Kaya kong ibigay 'yun sa 'yo. Hindi ko maisip na mag-aaway tayo to the point na maghihiwalay tayo, pero kung dumating man d'un, makikipaglaban ako para maayos natin ang relasyon natin kahit walang kontrata. I will always want you with me. Kung base sa nararamdaman ko ngayon para sa 'yo, I will want you for the rest of my life."

Bumuntong-hininga ako at ikinuskos ang ilong sa noo niya. "All right," sabi ko. "I want you to know na gan'un din ako, baby girl. Gusto kong forever ka na ring kasama. Believe me, hindi paghihiwalay natin ang dahilan kaya ko naisip 'to. Pero, sige na, sasabihin ko na kay Atty. Peralta na hindi na."

Tumango siya pero nanatili siyang nakatingin sa akin, pinag-aaralan ako. Siguro hindi ko naalis iyong pag-aalinlangan sa mukha ko kasi bumuntong-hininga siya.

"Importante ba talaga sa 'yo na magkaroon tayo ng

prenup para may proof ka na hindi mo ako pinakasalan para sa pera ko?"

"Importante sa 'kin na magkaroon tayo ng prenup para may proof ako na hindi ka nagpapakatanga sa 'kin," pagtatama ko. "Kasi sa totoo lang, wala akong pakialam kahit sabihin nilang pineperahan lang kita. Pero may pakialam ako kung sasabihin nilang nagpapakatanga ka kahit alam mong ginagawa lang kitang sugar mommy."

She burst out laughing. Napangiti na rin ako at nakahinga na nang maluwag. Mukha kasing okay na.

Bumuntong-hininga siya ulit. "All right. Let's compromise. Papayag akong may prenup tayo kasi importante siya sa 'yo, pero isa lang ang gusto kong nand'un. In the event of a separation or dissolution of marriage, wala tayo parehong makukuha sa isa't isa. That way, may assurance tayong anuman ang mangyari, umabot man tayo sa 60th wedding anniversary natin o maghiwalay tayo after sixty days, walang kinalaman sa pera ang magiging desisyon natin tungkol sa kasal natin. Okay ba 'yun?"

Mabilis akong tumango at muli siyang niyakap. Masaya ako na kahit paano ay nakuha ko rin ang gusto ko. This way, pareho safe ang reputasyon niya sa mga stalkers ko online, at safe ang paniniwala niyang mananatili akong kasal sa kanya hindi dahil makukuha niya lahat ng pera ko sakaling maghiwalay kami, kundi dahil mahal na mahal na mahal ko siya.

Bahagya akong lumayo at ngumisi sa kanya. "Thank

you, baby girl."

"Hmp. Galit pa rin ako sa 'yo. Biglain ba naman ako?"

"Eh na-Ed Sheeran ako eh. *Thinking Out Loud*." Umikot ang mga mata ni Mere. Natawa ako. "Pero alam mo, I love this. Hindi ko akalaing magiging magaling ako sa mga compromise. Iba yata talaga kapag mahal mo talaga ang partner mo. Gusto n'yo masaya ang isa't isa. Pa-kiss nga ako."

Ngumuso ako pero itinulak niya palayo ang mukha ko. Galit pa rin yata.

"Sige, fist bump na lang." Itinaas ko ang kamao ko.

F-in-ist bump niya ako… sa sikmura. Buti na lang talaga at di marunong manuntok 'to kaya di ako masyadong nasaktan. Tumawa lang ako, lalo na nang yumakap siya sa leeg ko at ibinaon ang mukha niya sa balikat ko.

"I love you, baby girl," sabi ko sa kanya. "Lahat ng mga desisyon ko, ginagawa ko para sa 'yo, para sa 'tin. Alam mo naman 'yun, di ba?"

Tumango siya na nakasubsob pa rin sa akin. "Sa susunod lang, huwag mo akong bibiglain, okay? Hindi ganitong klaseng surprises ang gusto ko."

I kissed her on the top of her head. "Hindi na, promise. I love you," ulit ko kasi di pa niya ako sinasagot. Di na ako sanay.

"I love you, too."

Sandali pa kaming ganoon bago siya kumilos para maupo sa tabi ko. Nag-lunch kami at napatawa ko na siya

ulit.

Alam ko naman na ito pero mas tumatak lang sa aking ayaw na ayaw kong masasaktan o mamomroblema si Meredith nang dahil sa akin. Idadagdag ko ang insidenteng ito sa mental listahan ko ng mga "lessons learned" at mga "things you shouldn't do again" pagdating sa relasyon namin.

Pero totoo naman na gusto ko kung ano ang mga nangyayari sa amin ni Mere, kahit iyong mga ganitong away-away. Mas nakikilala kasi namin ang isa't isa, eh. Nalalaman namin ang boundaries namin. 'Tsaka para sa dalawang taong parehong bunso, magaling kaming mag-compromise.

Sabagay, hindi naman kasi ako iyong klase ng bunso na spoiled at laging pinagbibigyan. Nakilala mo naman ang ate ko, di ba? Balanced sila ni Kuya Lex kaya siguro alam ko pareho kung paano ma-spoil at paano magbigay.

'Tsaka siguro dahil mahalaga si Meredith sa akin, mas mahalaga iyong kaligayahan niya kaysa sa pride ko.

Nang uwian na, nakaakbay ako sa kanya at nakakapit siya sa 'kin habang naglalakad kami pauwi.

Nang makapasok kami ng condo, hinawakan ko siya sa mga braso para pigilan siyang makalayo. Hinatak ko siya pasandal sa dibdib ko at hinalikan ko siya sa gilid ng leeg.

"Ano'ng gusto mong gawin?" tanong ko na sinisinghot-singhot siya. "Dinner na ba? Gusto mong sabay tayong

mag-shower? Full body massage? Nang nakahubad."

Bumungisngis siya, sinapo ang pisngi ko bago ako hinarap at hinalikan sa mga labi. "Gagawin mo ba kahit ano'ng hingin ko?"

Tumango ako, na-excite at nagsimula nang ma-arouse.

Hinalikan niya ako ulit, mabagal, matagal bago siya lumayo at tiningnan ako sa mga mata. Then in a sexy voice, she whispered, "Ipagbalat mo naman ako ng mangga, o."

Kumurap ako sa kanya. "Ang romantic naman ng gusto mo," payak kong sabi.

Tumawa siya at kinurot ako sa ilong. "Sabi mo kahit anong gusto ko, 'yun ang gusto ko. Magbibihis lang ako, then ako na'ng bahala sa dinner. Sige na, baby boy. Please?" lambing niya.

Bumuga ako ng hangin. "Sige na nga."

Mamaya na ako mang-se-seduce.

"Yay!" Hinalikan niya ako ulit. "Sandali lang ako."

Kundi ko lang 'to mahal talaga…

Hinihiwa ko na ang mga manggang binalatan ko nang bumalik siya sa kusina. Suot na naman niya ang isa sa mga T-shirts ko.

"Ilang mangga ang gusto mo?"

"Tatlo…" simula niya habang kinukuha ang bote ng bagoong alamang at cane vinegar niya. "Lima."

"Lima?!" bulalas ko na napahinto sa paghihiwa.

"Maliliit lang naman sila," sabi niya, nauupo sa tabi ko sa kitchen island. Pinanood ko siyang magsalin ng isang

tabo yatang bagoong sa mangkok bago iyon binuhusan ng suka at hinalo. Ano'ng lasa n'un?

"Are you sure you're not—"

"I'm not pregnant, Ash." Pinangunahan na niya ako sa sagot niya, kumakain na ng manggang isinawsaw sa bagoong at suka.

"How sure are you?" tanong ko na salubong ang mga kilay habang pinapanood siya.

Nagsawsaw siya ng isa pang slice ng mangga sa mangkok bago matamis na ngumiti sa akin. "Dahil meron na po ako. Dinatnan yata ako dahil sa stress sa prenup mo."

What the—?

Bumuntong-hininga ako sa disappointment. Akala ko pa naman makakapuslit pa ako kahit isang gabi pa. Sa sama ng loob, napakuha na rin ako ng mangga at nakisawsaw sa bagoong at suka.

Uy, masarap naman pala siya.

13

First time mula nang ma-engage kami ni Meredith na wholesome ang pre-bedtime routine namin. Sa sala kami naghapunan habang nanonood ng TV. Nang matapos kaming kumain at hindi pa tapos ang movie, nahiga kami ni Mere sa sofa, nagsisiksikan. Nakasandal siya sa akin, hawak ang braso kong nakayakap sa kanya habang nakadikit ang ilong niya sa braso ko.

Nang matapos ang movie, ako ang naghugas ng pinggan. Siya ang nag-check kung naka-lock iyong front door namin at iyong pinto paakyat sa rooftop. Hinintay niya akong matapos sa paglilinis at sabay na kaming nag-toothbrush bago kami bumalik sa kuwarto at umakyat sa kama.

At first time lang din yata mula nang ma-engage kami na matutulog kaming may damit. Hindi na yata ako sanay.

Ini-off ko ang ilaw sa side ko ng kama, pagkatapos ay umusog ako papunta sa gitna ng kutson hanggang sa mag-abot kami ni Meredith na automatic nang sumiksik sa tabi ko.

"Sabi sa 'yo kahit single bed lang, okay na sa 'tin," sabi ko sa kanya nang makapuwesto kami, nakaunan siya sa dibdib ko, nakapatong sa tiyan ko ang isang braso habang

nakapatong sa isa kong hita ang hita niya.

"Okay na 'tong ganito kalaki," sabi niya. "Pag naalala ko mamaya na gusto mo ng prenup at nabanas na naman ako sa 'yo, gugulong lang ako papunta d'un sa kabila ng kama."

"'Yun ay kung payagan kita," sabi ko, hinigpitan ang pagkakayapos sa kanya ng mga braso ko.

"Sisikuhin kita."

"Sus. Daganan lang kita, di ka na makakapalag, eh."

"Dahil mabigat ka."

"Dahil 'yun ang favorite position mo."

Tumawa siya. "Sira."

Saglit kaming natahimik pero alam kong hindi pa siya inaantok. Hinintay ko lang siyang magsalita ulit.

"Baby boy, sure kang okay ka lang na walang TV dito sa kuwarto?"

"Oo, sigurado ako." Sinimulan kong haplus-haplusin ang likod niya para antukin na siya. "Mas gusto ko ngang ganito, di ba? 'Yung kaysa manood ng TV, sa 'kin ka mag-focus kapag nandito tayo sa kama."

"Ikaw kaya ang mahilig manood ng TV. Ikaw ang mag-focus sa 'kin."

"Di ako mahilig manood ng TV kapag kasama kita."

Alam kong napangiti siya. Alam naman kasi talaga niya na siya ang paborito kong panoorin kapag magkasama kami. "Sabagay."

At dahil mukhang hindi pa talaga siya inaantok, marami-rami pa kaming nagpagkwentuhan. Ipinaalala

niyang tawagan ko ulit si Kuya Lex at ang mga kaibigan ko para ipaalala sa kanila ang blessing ng bahay namin sa Sabado.

Napag-usapan na rin namin ang isusuot ko sa kasal namin. Aba, magba-*Barong Tagalog* pala ako! Hindi na ako nakapalag nang sabihin niyang ang guwapo ko raw kapag naka-Barong.

"Kailan mo 'ko nakitang naka-Barong?" curious kong tanong.

"N'ung ni-*Google* kita para ipakita ko kina Alessa ang picture mo."

"Tsk. Ang tindi talaga ng tama mo sa 'kin, 'no?" mayabang kong saad. "Di pa tayo, ipinagmamalaki mo na ako kina Alessa."

"Hindi, 'no."

"Weh." Sinundot ko siya sa tagiliran. "Aminin na kasi. Di pa nga tayo nangongolekta ka na ng souvenir galing sa 'kin, eh. Kailan ulit 'yung *Jolibee* na 'yun?"

"Hmp. Ikaw kaya ang unang nagkagusto sa 'kin."

"Oo nga," sabi ko kaagad na ikinatawa niya.

"Basta, gusto ko naka-*Barong Tagalog* ka kasi mas guwapo ka."

Eh, di *Barong Tagalog* na.

Mamaya, ikiniskis niya ang pisngi niya sa dibdib ko. "Baby boy?"

"Hmm?"

"Antok na 'ko."

"Sige, tulog ka na."

"Kantahan mo 'ko."

"*Bayang magiliw, Perlas ng silanganan*—reku!" Tumawa ako nang nakurot ako sa tagiliran. "Ano kasi'ng gusto mong kanta?"

"Di mo pa 'ko kinakantahan ng live na *Thinking Out Loud*. Sabi mo kakantahan mo ako pag-uwi ko galing SG."

"Oo nga,' no. Sige, ngayon na." Tumikhim ako at umayos si Mere ng higa sa tabi ko bago ko sinimulang pataobin si Ed Sheeran. Sinabayan ko pa ng haplos sa buhok at likod niya. 'Ayun, di pa ako tapos sa performance ko, eh, knock out na si Miss Balajadia. Antok na antok na siguro talaga… o baka kasi nakasiksik siya sa kilikili ko. Kaya 'ayun, ang sarap ng tulog!

Joke lang. Mabango ako, pramis.

Tumungo ako para halikan siya sa mga labi, pagkatapos pinagmasdan ko siya sa ilaw galing sa labas ng building namin. Siya ang huli kong nakita bago ako pumikit at tuluyang nakatulog.

Hindi ko alam kung bakit bigla na lang akong nagising samantalang gabi pa. Kasing-dilim pa ng budhi ni Ate Kaye sa labas nang mapunta sa bintana ang mga mata ko. Kinapa ko ang telepono ko sa sidetable at nakitang pasado alas dos pa lang kaya ibinaba ko iyon ulit, saka ako tumagilid para matulog ulit. Pero bigla akong napamulat.

At bakit hindi ko yakap si Meredith?

Napabalikwas ako, tatayo na sana mula sa kama para hanapin siya nang mapansing nandoon naman pala siya sa tabi ko, malayo nga lang. Nasa kabilang dulo siya ng kama namin. Naalala na ba niyang nainis siya sa akin dahil sa prenup kaya lumayo siya?

Saka ko lang din napansing hindi pala siya nakatagilid at nakatalikod sa akin. Nakatuwad siya. Kumunot ang noo ko at marahan akong umusog hanggang sa nakadikit na ang dibdib ko sa braso niya.

"Baby girl?" bulong ko habang hinahaplos ang likod niya. Umungol siya. "Kung hindi imbitasyon sa 'kin 'yang pose mo, umayos ka ng higa, please."

Hindi siya gumalaw pero iniharap niya ang mukha niya sa akin. "Ang sakit ng puson ko."

Ngumiti ako. "Pareho pala tayo. Masakit din puson ko, eh."

"Sira." Mahina siyang tumawa pero awa ni Lord ay umayos din ng higa at nagsumiksik sa akin.

"Ba't ang layo mo?"

"Baka kasi magising kita," sabi niya na naghahanap ng magandang puwesto sa tabi ko.

"Eh, mas nagigising ako kapag wala ka."

Bumungisngis siya at sa wakas ay huminto na sa pagkilos sa tabi ko. Hinaplos-haplos ko lang ang likod niya habang yakap siya, hinihintay siyang makatulog ulit. Pero mayamaya, narinig ko siyang umingit. Gumalaw siya, gumulong palayo sa akin at namaluktot. Napaupo na ako

sa pag-aalala.

"Baby girl?"

"Dysmenorrhea," sabi lang niya.

"'Yung ba 'yung kapag na-je-jebs?"

"Eeeeeh."

"Pinapatawa lang kita." Lumapit na naman ako and I spooned her. Kumunot lalo ang noo ko kasi nanginginig siya. Nag-angat ako ng ulo. "Giniginaw ka ba?"

Tumango siya.

"Teka, papatayin ko 'yung aircon."

Pero bago pa ako makabangon, nahila na niya ang braso ko at iniyakap iyon ulit sa sarili niya. "Cuddle."

"All right," sabi ko na nahihiga ulit sa likuran niya.

Namamaluktot pa rin siya, nakayakap sa sikmura ang isang braso na para bang iniipit niya iyon. Doon ko na rin ibinalot iyong isa kong braso at pinaunan ko siya doon sa kabila saka ko iyon iniyakap na rin sa kanya. Hinagip niya ang kamay ko. Siniksik ko siya, nakadikit ang buong katawan ko sa katawan niya para mainitan siya.

Alam mo naman, hot kasi ako.

Inayos ko iyong kumot sa ibabaw niya at isinuksok niya ang mga paa niya sa pagitan ng mga binti ko. Nagulat ako kasi ang lamig ng talampakan niya.

Medyo matagal-tagal nang ganoon ang ayos namin ay hindi pa rin siya nakakatulog. Kinantahan ko na siya ng kung anu-anong kantang alam kong nasa playlist niya.

Alas cuatro na yata siya nakatulog. Namamaga na rin

ang mga mata ko sa antok pero nag-aalala pa rin ako kasi habang tumatagal, pakiramdam ko lalo siyang umiinit, parang nilalagnat.

Hindi na ako natulog. Binantayan ko na lang siya. Ni hindi niya namalayang nakuha ko na ang temperature niya sa himbing ng tulog niya. 38.8 degrees Celsius, sabi ng digital thermometer.

Mataas iyon, ah.

Naghalungkat ako ng gamot sa medicine cabinet (actually, drawer siya sa banyo namin) at nakahanap ng gamot sa lagnat. Pero dahil alam kong wala akong experience sa pag-aalaga ng may sakit, ikinonsulta ko kay Dr. *Google* ang mga sintomas ni Meredith. Inabot ako ng alas cinco sa kaka-research dahil pati dysmenorrhea ay ni-research ko na. Kinabahan kasi ako na baka kasalanan ko rin. Mamaya kaya siya may ganoon dahil inaaraw-araw ko.

Aba, malay ko ba. Ang kilala ko lang namang babae na araw-araw yatang meron ay si Ate Kaye.

Inumaga na ako sa pagbabasa at di ko namalayang nakatulog na pala ako sa antok habang nakaupo sa tabi ni Mere at nakasandal sa headboard. Nagising na lang ako sa sigaw niya.

"Ash!"

Napabalikwas ako at kulang na lang ay mag-kung fu pose sa gulat. "Anyare?"

"Hindi ka na naman nag-alarm!" tili niya at nagmamadaling bumangon. "Late na naman tayo!"

Kumurap-kurap ako dahil talagang wala pa ako sa sarili ko. Mataas na ang araw sa labas at 8:16 na sabi ng telepono ko. Nagmadali na rin akong bumangon para sumunod kay Meredith na nasa banyo na at naliligo. Ang bilis namang kumilos nito!

"Hoy!" Nagmartsa ako papunta sa shower stall at itinulak pabukas ang sliding door na gawa sa frosted glass. Napatili siya at tinakpan ang katawan na para bang di ko pa nakikita ang lahat-lahat sa kanya. "May sakit ka kaya!"

"Sakit? Wala akong sakit!" masungit niyang sabi pero di ko napansin kasi na-distract ako ng mga bulang bumibiyahe pababa sa dibdib niya galing sa buhok niya. At dahil doon nga ako nakatuon, muntik na akong maipit nang isara niya ang pinto. Binuksan ko iyon ulit. Pumadyak na siya sa inis. "Ash, p'wede ba? Late na tayo! May meeting ako!"

Kunot-noo ko siyang pinagmasdan. Nakairap siya sa akin at ang cute-cute kasi puro bula ang buhok niya. Mukha naman siyang healthy. Namumula kasi ang mga pisngi niya pero siguro dahil sa asar iyon at hindi dahil sa lagnat.

Isinara ko na ang pinto ng shower stall bago ako bumalik sa kuwarto. Alam naman siguro niya kung masama ang pakiramdam niya o hindi, di ba? Kung feeling niya okay siya, di okay siya. Tutal may nabasa rin naman akong nagsasabing mas mataas daw ang temperature ng babae kapag meron. Kaya rin siguro mainit ang ulo.

Inayos ko ang kama namin. At dahil late na kami, ako

naman ang namili ng damit para kay Meredith para bawas na rin sa pagkakaabalahan niya. Inilagay ko iyon sa kama bago ako bumalik sa banyo.

"Kukunin ko lang ang shampoo ko," tawag ko. "D'un na 'ko sa isang banyo maliligo para hindi sayang ang oras."

Hindi niya ako sinagot. Lumabas lang siya ng shower stall, nakabalot na ng tuwalya, nakasimangot pa rin at dumerecho sa lababo. Nagkibit-balikat ako. Eh, di dito na ako maliligo. Tapos na pala siya, eh. Hinubad ko ang T-shirt ko.

"Ash, hindi mo na naman isinara nang maayos 'yung toothpaste!"

Napangiwi ako. Mainit talaga ang ulo ni (future) misis.

"Opo na," sabi ko habang hinuhubad ang boxers ko. "Sorry na po. Di na mauulit."

Napalingon ako sa kanya at nakitang nakaharap na siya sa akin, nasa bibig ang toothbrush at may bula sa mga labi pero hindi nagsesepilyo. Nakatingin lang siya sa akin. Well, nakatingin siya kay *Taho Boy*. Mabagal akong napangisi. Si *Taho Boy* rin napa-good morning.

Nanlaki ang mga mata niya bago lumipad ang tingin niya sa mukha ko. Pinandilatan ba naman ako!

"O, di ko kasalanan, ha!" tawa ko. Baliw ba ako kasi aliw na aliw ako sa kasungitan niya? Parang naaalala ko kasi iyong mga panahon na hindi pa kami bati. Parang itong eksena namin ngayon, iyon nga lang naka-bold ako at naka-tuwalya lang siya. "Ikaw 'yung malagkit kung

makatingin. At *d'un* pa!"

Inirapan niya ako ulit bago ako tinalikuran. Sa tindi ng pag-toothbrush niya, pakiramdam ko matatanggal ang enamel ng mga ngipin niya. Saka siya padabog na lumabas ng banyo.

Mabilis akong nag-shower at nag-toothbrush na rin. Siniguro kong isinara ko nang maayos iyong toothpaste cap dahil baka mapadyakan na naman ako. Pero nang lumabas ako ng banyo, nakita ko siyang nakabihis na pero nakaupo sa kama, yakap ang sikmura at nakatungo.

"Baby girl?" nag-aalala kong tawag. Nagmamadali akong lumapit sa kanya. Lumuhod ako sa harapan niya at hinawakan siya. Mainit na naman ang balat niya. "Tsk. Sabi ko sa 'yo may sakit ka, eh."

Nang mag-angat siya ng mukha, nakatirintas pa rin ang mga kilay niya. Tiningnan niya ako, pagkatapos ay ang bukas na pinto ng banyo.

"Di mo pinatay 'yung ilaw sa banyo. Sayang kuryente. Nakakalat pa d'un ang mga damit mo. 'Tsaka tama bang ipatong 'yung basang tuwalya sa kama? 'Tsaka magdamit ka nga!" ratsada niya.

"Bakit? Sa gustong magpahangin ni *Taho Boy,* eh."

Pumalatak siya at hinablot iyong basang-basang tuwalyang inilapag ko lang sa tabi niya sa kama dahil nagmadali nga akong makalapit sa kanya.

Tumingin ulit siya sa akin, madilim ang mukha. "Ano'ng nginingiti-ngiti mo d'yan?" singhal niya.

Mas lumaki ang ngisi ko. "Kasi galit ka, may sakit ka pa, saka ang sungit-sungit mo sa 'kin ngayon pero gandang-ganda pa rin ako sa 'yo."

Kumurap siya. Kitang-kita kong nawala ang pagkakunot ng noo niya at umaliwalas ang mukha niya. Pagkatapos, natawa na siya at nahihiyang ibinaon ang mukha sa basa kong tuwalya.

Tumawa ako at niyakap siya. Hinampas niya ako. "Nakakainis ka."

"Kinilig ka na naman," biro ko.

"Gusto ko pang mainis, eh."

Natawa ako. Babae nga naman. Yumakap na rin siya sa akin. Idinikit niya ang mukha niya sa gilid ng leeg ko. Ang init na naman niya.

"Late na tayo," sabi niya.

"Hindi ka papasok ngayon," deklara ko, kinakarga siya para ihiga ulit sa kama.

Tiningala niya ako na nakayakap pa rin sa leeg ko. "May mga meetings ako."

Tumuwid ako at kinuha mula sa kanya ang tuwalya ko para ibalot iyon sa baywang ko. "I can handle your 11," sabi ko nang medyo malakas kasi bumalik ako sa banyo para kunin ang marurumi kong damit at patayin ang ilaw bago ako bumalik sa kuwarto namin. "Maarte 'yung 3 pero kung ayaw niya sa 'kin, pa-resched na lang siya."

"May reports ako."

"Tapos ko na 'yung draft ng quarterly report kahapon.

Kung gusto mong i-check, dito ka na sa bahay magtrabaho. 'Yung sa Taiwan project naman, ako na'ng gagawa. Hindi pa naman hihingin 'yun." I gave her a hard look. "Huwag nang matigas ang ulo, Miss Balajadia. May lagnat ka. You're staying home."

Akala ko aangal pa, eh. Ako na sana ang papadyak pero masunurin naman siyang tumango. Kasi kung hindi… a-absent na rin ako, sige siya. Si Manong Ferdie ang pahaharapin ko sa mga kliyente niya nang makatikim sila ng carabao English.

Pinanood niya ako habang nagbibihis ako. Kumuha ako ng isa pang T-shirt ko at isang pares ng shorts niya, at dinala ang mga iyon sa kama para makapagpalit siya bago ako lumabas para kumuha ng puwede niyang almusalin.

Matapos magamit ang extensive kong hunting skills, bumalik ako sa kuwarto na may dalang tray na may isang bowl ng corn flakes, isang baso, kutsarita, iyong sugar bowl namin at iyong karton ng fresh milk. Nakaupo na siya sa kama, nakabihis na at hinihintay na lang ako. Ibinaba ko iyong tray sa sidetable.

"Inom ka ng gamot pagkakain 'tapos matulog ka ulit. Masakit pa rin ba ang puson mo?"

Tumango siya na parang maamong baby girl.

"May gamot ka ba para d'un?"

Umiling siya. "Ayokong uminom ng gamot para sa dysmenorrhea, eh. 'Yun na lang sa lagnat."

"Okay. Babalik ako ng lunch. Huwag ka nang magluto.

Mag-uuwi na lang ako ng pagkain. May gusto ka ba?"

Umiling siya ulit. "Isipin ko muna. Text kita."

"All right." I moved closer to the bed and bent down to kiss her.

Nag-iwas siya ng bibig. "Baka mahawa ka."

"Di 'yan. May armor ang immune system ko." Hinalikan ko siya at yumakap siya ulit sa leeg ko.

"Sorry, baby boy, ha," bulong niya sa tonong nahihiya. "Sinungitan kita."

I held her close and cupped the back of her head. "Okay lang. Ang cute mo kaya kapag masungit ka."

Natawa siya at pinakawalan ako.

Hinaplos ko ang buhok niya. "Mas gusto ko nang sungitan mo ako, baby girl, kaysa hindi ka nagsasalita, eh, galit ka na pala sa 'kin. Ayoko ng cold-shoulder. Gusto ko sabihan mo ako kung may di ka nagustuhan. Okay?"

Tumango siya.

"'Tsaka okay na 'yung toothpaste. Isinara ko na 'yung cap."

Natawa ulit siya, nag-blush at idinikit sa balikat ko ang noo. I kissed her temple.

"I'll be back at around 1, okay? Magpahinga ka. Text mo ako kapag may naisip kang gusto mong ipabili. Baka magpunta ako sa *SM* o sa *Market* mamaya."

"Okay."

Matapos ang isang huling halik at matapos masigurong kakain na siya, umalis na ako para pumasok sa opisina.